NANCY BARGMANN
*DIREKTOR*

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao
**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad**
**(Department of Developmental Services)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
*GOBERNADOR*

Hulyo 2, 2024

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: PATNUBAY SA MGA SUPORTA SA PAUNANG PERSON-CENTERED PLAN AT PRE-ENROLLMENT TRANSITION

Ang layunin ng liham na ito ay magkaloob ng patnubay tungkol sa Mga Suporta sa Paunang Person-Centered Plan at Pre-Enrollment Transition na available sa potensyal na mga kalahok ng Self-Determination Program (SDP). Ang patnubay na ito ay pumapalit sa patnubay ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) noong Disyembre 22, 2023 tungkol sa paksang ito, at iniisyu alinsunod sa Welfare and Institutions Code seksyon 4685.8(p)(2), na nag-aawtorisa sa Kagawaran na mag-isyu ng mga direktiba sa programa o mga katulad na tagubilin hanggang ipagtibay ang mga regulasyon.

Ang mga pangunahing pagbabago mula sa patnubay noong Disyembre 22, 2023 ay kasama sa mga sumusunod na paksa:

- Ang General Self-Directed Supports ay available na ngayon sa pamamagitan ng Participant-Directed Services.
- Ang timeline ng pagiging available para sa iba't ibang opsyon ng mga suporta sa pre-enrollment transition ay na-update na.
- Nirebisa ang mga kinakailangan sa pag-uulat ng regional center.
- Mga kinakailangan sa pagtanggap ng mga bayad.
- Tungkulin ng General Self-Directed Supports sa pagtataguyod sa sarili.

Nakatuon ang Kagawaran sa pagsuporta ng masigasig na mga opsyon sa suporta sa pre-enrollment transition para sa mga potensyal na kalahok sa SDP. Bilang karagdagan sa mga suportang available sa pamamagitan ng mga pondo sa pagpapatupad ng service coordinator ng regional center at Local Volunteer Advisory Committee, maaaring ma-access ng mga potensyal na kalahok sa SDP ang mga bayad na suporta. Nagbibigay ang sulat na ito ng impormasyon sa sumusunod:

A. Paunang Person-Centered Plan
B. General Self-Directed Supports sa pamamagitan ng vendor ng regional center o Participant-Directed Services
C. Availability sa limitadong panahon ng orihinal na $2,500 na opsyon
D. Mga kinakailangan sa pagsingil
E. Pag-uulat ng regional center ng kapasidad sa mga suporta sa transisyon

## A. Ang Paunang Person-Centered Plan

Maaaring humiling ang isang potensyal na kalahok sa SDP na nakakumpleto ng oryentasyon sa SDP ng pagbuo ng isang Paunang Person-Centered Plan. Inilalarawan ng Person-Centered Plan kung ano ang nais ng indibidwal na maging ang buhay nila sa hinaharap para magsikap silang makamit ang kanilang mga layunin. Nakabatay ito sa kanilang mga lakas, kakayahan, kagustuhan, istilo ng pamumuhay, at kultura at maaaring gamitin para bigyang-kaalaman ang pagsusulat ng Individual Program Plan (IPP).

Maaaring bumili ang mga regional center at magbayad ng hanggang $1,000 para sa Paunang Person-Centered Plan mula sa mga sumusunod:

- Ang mga vendored provider ng mga serbisyo ng person-centered plan.
- Mga non-vendored provider na nagpapakita na nakatanggap sila ng pagsasanay o sertipikasyon sa proseso ng person-centered plan/pangangasiwa. Ang pagbabayad sa mga non-vendored provider ay gagawing "Purchase Reimbursement" sa ilalim ng service code 024. Ang mga pagbabayad para sa serbisyong ito sa ilalim ng service code 024 ay hindi nangangailangan ng vendorization bilang isang provider ng mga serbisyo sa person-centered plan.

Maaaring taasan ng regional center ang bayad depende sa kaso para sa postensyal na kalahok sa SDP na may Paunang Person-Centered Plan na nangangailangan ng mas maraming oras dahil sa kakulangan ng mga natural na suporta para tumulong sa proseso ng person-centered na pagpaplano, kapag ang piniling wika ay hindi Ingles, o kapag may mas mataas na antas ng serbisyong kailangan bilang resulta ng kanilang kapansanan. Ang pagbabayad ay maaaring isagawa lang pagkatapos matanggap ng regional center ang invoice na nagpapakita na naibigay ang nakasulat na Paunang Person-Centered Plan gaya ng sinang-ayunan ng potensyal na kalahok sa SDP.

Ang proseso ng Paunang Person-Centered na Pagpaplano ay maaaring ibigay nang personal o malayuan batay sa nais at pangangailangan ng indibidwal at gaya ng sinang-ayunan ng indibidwal, provider at ng IPP team.

**B. <u>General Self-Directed Supports</u>**

Ang General Self-Directed (SD) Supports, ay para sa anumang suporta sa coaching at/o pagsasanay na kailangan ng indibidwal at kanyang pamilya o kanyang kinatawan upang matagumpay na mag-enroll sa SDP. Ang General SD Supports ay inawtorisahan na ipagkaloob pagkatapos ng SDP orientation at bago ma-enroll sa SDP ang isang potensyal na kalahok.

Ang mga indibidwal na nais ng General SD Supports ay maaaring piliing makipagtrabaho sa:

- Isang vendored service provider (service code 099)
- Isang kwalipikadong provider ng kanilang napili sa pamamagitan ng Participant-Directed Services (service code 099, subcode "PDS")

Ang kahulugan ng serbisyo at rate ng bayad ay parehas para sa General SD Supports na ipinagkakaloob ng vendored provider at iyong mga ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Participant-Directed Services. Ang Kahulugan ng General SD Services ay nasa Kalakip A. Ang mga rate kada oras para sa General SD Supports, kabilang ang mga ipinagkaloob sa pamamagitan ng Participant-Directed Services, ay itinatakda ng Kagawaran.

Maaaring awtorisahan ng mga regional center ang General SD Supports nang hanggang 40 oras. Magkakaloob ng General SD Supports vendor sa IPP team ng potensyal na kalahok sa SDP ng nakasulat na impormasyon tungkol sa iminumungkahing mga serbisyo sa transisyon na nilalayon nilang ipagkaloob at ang tinatayang bilang ng mga oras.

Ang mga karagdagang oras ay maaaring hilingin ng IPP team at awtorisahan ng regional center depende sa kaso para sa mga potensyal na kalahok sa SDP na nangangailangan ng higit na masinsinang suporta upang matagumpay na lumipat sa SDP, tulad ng mga potensyal na kalahok at kanilang kapamilya na walang access sa mga natural na suporta para tumulong sa proseso ng pag-enroll, na ang ninanais na wika ay hindi Ingles, o may kailangang mas mataas na antas ng serbisyo bilang resulta ng kanilang kapansanan.

Ang General SD Supports ay maaaring ipagkaloob nang personal o malayuan batay sa desisyon at pangangailangan ng kalahok sa SDP at gaya ng sinang-ayunan ng kalahok, provider at IPP team.

***Impormasyon sa Vendored at Participant-Directed Services General SD Supports***

*General SD Supports na Bini-vendor sa Pamamagitan ng mga Regional Center*
Ang mga provider na interesado sa pagpursigi ng vendorization para sa serbisyong ito ay magsusumite ng standardized vendorization packet gaya ng inilarawan sa direktibang inilabas noong Marso 20, 2023 sa Community Services team ng nagve-vendor na regional center.

Gaya ng nakagawian, hindi kinakailangan ang hiwalay na vendorization sa bawat catchment area ng regional center para sa mga provider ng General SD Supports. Kung nais ng provider ng General SD Supports na ma-vendor para magkaloob ng mga serbisyo sa isang bagong catchment area, aabisuhan nila ang bagong regional center para simulan ang prosesong ito.

Ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, Titulo 17 na mga kinakailangan sa vendorization gaya ng inilarawan sa mga seksyon 54302 hanggang 54334 at vendorization appeal process sa mga seksyon 54380 hanggang 54390 ay naaangkop.

Aawtorisahan ng mga regional center ang mga vendored services sa pamamagitan ng service code.
- General SD Supports (service code 099)

*General SD Supports Sa Pamamagitan ng Participant-Directed Services*
General SD Supports sa pamamagitan ng Participant-Directed Services (PDS) ay isang opsyon na available simula Agosto 1, 2024. Nagbibigay ang PDS sa mga indibidwal ng opsyon na magpatupad ng higit na awtoridad sa kung paano ipinagkakaloob, at kung sino ang nagkakaloob ng mga serbisyo.

Babayaran ang General SD Supports sa pamamagitan ng PDS sa tulong ng Financial Management Service (FMS).

Ang mga potensyal na provider ng General SD Supports ay magsusumite ng sumusunod na kinakailangang dokumentasyon sa FMS upang maging karapat-dapat na tumanggap ng bayad:
- SDP General Self-Directed Supports - Mga Kwalipikasyon at Form ng Kasunduan
- Kasunduan Provider sa mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad
- Iba pang mga dokumento gaya ng hiniling ng FMS upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng provider at pagproseso ng bayad (hal., lisensya sa negosyo o impormasyon na nauugnay sa pagpapalabas ng bayad).

Kukumpirmahin ng FMS na ang mga provider ng General SD Supports ay karapat-dapat na magkaloob ng mga serbisyo ng Medicaid ayon sa Welfare and Institutions Code, Dibisyon 9, Part 3.

Popondohan ng mga regional center ang PDS bilang dalawang hiwalay na awtorisasyon sa pamamagitan ng mga service code:

- General SD Supports (service code 099, subcode "PDS")
- Ahenteng Piskal (service code 490).

Iyong mga nagkakaloob ng General SD Supports sa pamamagitan ng PDS ay hindi kinakailangang ma-vendor ng regional center. Ang rate para sa General SD Supports sa pamamagitan ng PDS ay parehas ng mga rate para sa General SD Supports vendor. Isang gabay sa pag-access ng General SD Supports sa pamamagitan ng PDS ay kasama sa Kalakip B.

**C. <u>Availability sa Limitadong Panahon ng Orihinal na $2,500 na Opsyon</u>**

Upang magpahintulot ng oras para maging available ang General SD Supports bilang PDS, hanggang $2,500 para sa mga suporta sa transisyon at person-centered planning, na binabayaran sa pamamagitan ng pag-reimburse ng binili (service code 024) ay magpapatuloy na maging available hanggang Disyembre 31, 2024, gaya ng inilarawa sa patnubay na may petsang Hulyo 15, 2021. Epektibo Nobyembre 1, 2024, hindi na tatanggap ang mga provider ng mga bagong referral para magkaloob ng mga serbisyo sa pamamagitan ng opsyong ito at iyong mga nasa proseso pa rin ng pag-enroll sa pamamagitan ng opsyon na ito ay makikipagkita sa potensyal na kalahok sa SDP at kanilang planning team para tukuyin ang takdang petsa ng pagkumpleto.

- Ang mga potensyal na kalahok sa SDP na pipili ng opsyong ito ay hindi maaaring piliin din na gumamit ng General SD Supports at Paunang Person-Centered Planning gaya ng inilarawan sa ibaba.
- Tingnan ang Seksyon D sa ibaba para sa impormasyon tungkol sa pagsingil para sa mga serbisyong ito.

**D. <u>Pagbabayad para sa Paunang Person-Centered Plan at General SD Supports</u>**

Ang lahat ng paunang person-centered planning at pre-transition supports na sinisingil sa pamamagitan ng pag-reimburse ng binili (service code 024) ay babayaran nang nasa oras ng mga regional center o ng FMS kasunod ng pagkakatanggap ng invoice. Dapat minimum na kasama sa isang invoice ang mga sumusunod (tingnan ang Kalakip C para sa sample na template):

- Singil kada oras;
- Petsa kung kailan ibinigay ang bawat serbisyo/gawain;
- Paglalarawan ng serbisyo/trabahong ginawa; at
- Dami ng oras na ginugol sa bawat serbisyo/gawain na ibinigay para sa yugto ng panahon ng invoice at ang prorated na halaga ng serbisyong iyon.

Makikipagtulungan sa regional center ang mga vendored provider ng General SD Supports ng regional center tungkol sa mga proseso ng paniningil. Aatasan ng mga regional center ang mga vendored provider ng General SD Supports na maningil alinsunod sa sample na template ng invoice na kasama sa Kalakip C.

Ang mga kabayaran para sa paunang person-centered planning at pre-transition supports ay babayaran nang buo ng regional center o provider ng FMS sa halaga at dami ng oras na inawtorisahan ng regional center. Ang provider na nagkakaloob ng serbisyo sa indibidwal ay hindi maaaring

maningil sa indibidwal (o sinumang kamag-anak o kinatawan na responsable sa pananalapi ng indibidwal na iyon) ng anumang halaga para sa mga serbisyong ito.

**E. Pag-uulat ng Regional Center**
Simula Agosto 1, 2024, at hanggang Disyembre 31, 2024, ang mga regional center ay magsusumite ng buwanang ulat sa Kagawaran na kinabibilangan ng sumusunod na impormasyon:

- Bilang ng mga aktibong vendor ng General SD Supports;
- Bilang ng mga pinoprosesong aplikasyon ng vendor para sa General SD Supports;
- Bilang ng FMS na inaprubahang magkaloob ng PDS at kasalukuyang nagkakaloob ng mga serbisyong FMS sa mga provider ng General SD Supports;
- Paglalarawan ng mga pagkilos upang pataas ang kapasidad ng mga inaprubahang provider ng General SD Supports at Participant-Directed SD Supports; at
- Paglalarawan ng iba pang mga pagsusumikap na bumuo ng kapasidad para sa Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment na hindi nangangailangan ng isang vendored service provider.

Ipapadala ng Kagawaran sa mga regional center ang link sa online na platform ng pag-uulat sa pamamagitan ng email sa loob ng 14 na araw mula ng paglabas ng patnubay na ito.

Ang mga kalahok o kanilang mga pamilya na may mga tanong tungkol sa patnubay na ito ay dapat makipag-ugnay sa service coordinator ng kanilang regional center. Dapat makipag-ugnayan sa kanilang regional center ang mga aplikante ng General SD Supports na may katanungan. Dapat idirekta ng mga regional center ang kanilang mga tanong sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Pinirmahan ang orihinal ni:*

BRIAN WINFIELD
Chief Deputy Director Enclosures

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad